

## Ano ang magyayari kapag nanalo ang kasero?

1. Ang hukuman ay magbibigay ng isang *Judgment of Possession (Hatol ng Pag-aangkin)*. Ito ay nagbabalik sa kasero ng pag-aangkin ng ari-arian. Ang hukom ay maaaring mag-utos sa iyo na magbayad ng mga gastos at pinsala, tulad ng hindi pa nababayaranang renta.
2. Ang kasero ay kukuha ng *Writ of Execution (Kasulatan ng Pagpapatupad)*. Ito ay nagpapahintulot sa Siyerip na tanggalin ka at huwag papasukin sa ari-arian.
3. Ang Siyerip ay maghahain sa iyo ng isang *Notice to Vacate (Paunawa Para Umalis)* sa ari-arian. Ito ay magbibigay sa iyo ng 5 araw para umalis. Kapag hindi ka umalis, ang Siyerip ay mag-aalis sa iyo at hindi ka hahayaang pumasok.
4. Maaari kang humingi ng isang *Stay of Execution (Pag-antala ng Pagpapatupad)*. Kapag ang hukom ay pumayag, ito ay magbibigay sa iyo ng oras para umalis — karaniwang mga isang linggo. Kailangan mong magbayad ng renta para sa dagdag na isang linggo.

## Mayroon ba akong pwedeng gawin kapag ako ay natalo?

Maaari kang umapela o magharap ng mosyon para isantabi (kanselahin) ang pag-uutos. Mayroong mga takdang panahon para sa mga ito. Ngunit, ang apela o mosyon para isantabi ay hindi makapigil sa pagpapalayas. Ang tanging paraan para mapigilan o mapatagal ang pagpapalayas ay ang paghingi ng isang *Stay of Execution*.

## Paano kung hindi ako magaling magsalita ng Ingles?

Ang hukuman **ay walang** mga tagasalin para sa mga kaso ng labag sa batas na pag-antala. Kung hindi ka nagsasalita at nakakaintindi ng Ingles, magsama ng may sapat na gulang na maaaring magpaliwang sa iyo. O, maaari kang kumuha ng sariling tagasalin.

## Paano kung ako ay bingi?

Humingi sa hukuman ng isang tagasalin sa pamamagitan ng senyas na salita.

## Kailangan ng tulong?

Kontakin ang alinman sa mga ahensiyang ito:

Eviction Defense Collaborative  
(Pagtutulungang Depensa sa Pagpapalayas)  
433 South Van Ness Ave. (sa tabi ng 16th St.)  
415-431-8831

Bay Area Legal Aid  
(Tulong na Pambatas sa Bay Area)  
50 Fell Street (sa tabi ng Civic Center)  
415-982-1300


SF Tenant's Union  
(Unyon ng mga Umuupa sa SF)  
558 Capp St. (sa tabi ng 19th St.)  
415-282-6622

ACCESS Center  
SF Superior Court  
(Hukumang Superyor ng SF)  
400 McAllister Street, Silid 208  
415-551-5880

Para sa isang abugado, tumawag sa Serbisyong Pagrekomenda ng Abugado:  
415-989-1616

# Ikaw ba ay pinapalayas?

Isang patnubay para sa mga umuupa



**ACCESS**

**San Francisco Superior Court**  
400 McAllister Street  
Room 208  
San Francisco, CA  
94102-4514

**415.551.5880**

[www.sfgov.org/courts](http://www.sfgov.org/courts)

## Maaari ba akong palayasin ng aking kasero?

Maaari. Para ka mapalayas, ang iyong kasero ay dapat munang magbigay ng nakasulat na paunawa. Karaniwan, ito ay 3-araw o 30-araw na paunawa.

Kung hindi mo ginawa ang hinihingi ng paunawa bago lumampas ang huling araw sa paunawa, ang iyong kasero ay dapat na magpunta sa hukuman at magharap ng *Unlawful Detainer (Labag sa Batas na Pag-antala)* para mapalayas ka. Kapag ang iyong kasero ay nagharap, ikaw ay makakatanggap ng kopya ng *Unlawful Detainer*.

## Ano ang dapat kong gawin kapag nakatanggap ako ng Unlawful Detainer?

Ikaw ay mayroong 5 araw para sumagot. Humingi kaagad ng tulong matapos matanggap ang mga dokumento.

## Paano ako sasagot (muli, masyadong nakakalito, para tawagin ang lahat na isang sagot)?

Maraming paraan para sumagot. Napakahalaga na ikaw ay magtanong sa isang abugado kung ano ang pinakamabuti para sa iyo.

Karamihan sa mga umuupa ay nagbibigay ng *Answer (Sagot)*. Ang *Answer* ay nagpapahintulot sa iyo na sabihin sa hukuman ang iyong panig.

## Mayroon bang bayad?

Oo. Ngunit, kung hindi mo makakayang magbayad, humingi ng *Fee Waiver (Pagtalikdan sa Pagbabayad)*.

## Saan ako makakakuha ng mga pormang kailangan ko?

Pumunta sa:

- Opisina ng Klerk, Silid 103, o
- ACCESS Center, Silid 208, o
- Kunin mula sa:  
[www.courtinfo.ca.gov/forms](http://www.courtinfo.ca.gov/forms)


## Ano ang mangyayari kapag hindi ako sumagot?

Kapag hindi ka nagharap ng iyong sagot bago ang huling araw:

- Maaari kang matalo sa kaso at mapalayas, at
- Maaaring kunin ng kasero ang iyong sweldo, pera o ari-arian nang walang babala.

## Magkakaroon ba ng paglilitis sa pamamagitan ng hurado?

Alinman sa iyo o sa iyong kasero ay maaaring humingi ng paglilitis sa pamamagitan ng hurado. Ito ay nangangahulugang ang hurado, hindi ang hukom, ang gagawa ng desisyon. Upang humingi ng paglilitis sa pamamagitan ng hurado, kailangan kang magharap ng kahilingan sa opisina ng klerk.



## Ano ang mangyayari matapos akong magharap ng Answer?

1. Ang iyong kasero ay maghaharap ng *Memorandum to Set for Trial (Ulat upang Itakda ang Paglilitis)*. Ito ay nangangahulugang ang iyong paglilitis ay magaganap sa loob ng 20 araw.
2. Humigit kumulang isang linggo, ang klerk ng hukuman ay magpapakoreo sa iyo at sa iyong kasero ng petsa, oras at lugar ng paglilitis.
3. Kung ito ay isang paglilitis sa pamamagitan ng hurado, ipapakoreo rin ng klerk ang petsa, oras at lugar ng Pagkakasundong Pagdinig. Ito ay ang pagpupulong sa pagitan mo at ng kasero upang makamit ang isang kasunduan bago mapunta sa paglilitis — kalimitan ay isang linggo bago ang paglilitis.

## Paano ako maghahanda para sa paglilitis?

Kunin ang lahat ng impormasyong may kinalaman sa iyong kaso. Ito ay maaaring kasama ang mga testigo o mga dokumento, tulad ng:

- kopya ng kasunduan sa pag-upa o renta
- mga liham na ginawa o natanggap mo tungkol sa ari-arian
- mga retrato
- mga ulat sa pagsusuri sa gusali

Magdala ng 3 kopya ng lahat ng iyong dokumento. Kapag ang testigo ay ayaw pumunta hukuman, maaari mo siyang padalhan ng subpoena. Para sa tulong sa subpoena, puntahan ang ACCESS Center, Silid 208.